DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBO. DEL NORTE
DIPOLOG CITY 7100

RELEASED
DepED
DATE: 29 JAN 20

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 053, s. 2016

Sa mga : Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Sekundarya

Mula kay : **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala ng Sangay

Paksa : **MGA KASANAYANG TINATAYA NG 2013 NAT (IKAAPAT NA TAON)**

Petsa : Enero 29, 2016

---

1. Nais ipaalam ng Sangay ng Zamboanga del Norte ang mga Kasanayang Tinataya ng 2013 *National Achievement Test* para sa Ikaapat na Taon.

2. Mula sa masusing pagsusuri sa mga kasanayang tinataya ng NAT taun-taon ay natuklasang ang mga kasanayang ito ay paulit-ulit lamang datapuwa't nagkakaiba lamang ang bilang nito ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga aytem sa pagsusulit kung kaya sa ngayon ay masusing binibigyang-diin at pansin ang mga naturang kasanayan.

3. Higit na inaasahan ngayon na mas pagtuunan ng pansin ng mga guro sa Filipino ang dalawampu't tatlong kasanayang naitala. Pagyamanin ang mga nasasabing mga kasanayan sa pamamagitan ng pagbabalik-aral nito ng mas higit pa kay sa ibang mga kasanayan at susuriin ang antas ng pagkatuto ng mga estudyante hinggil dito.

4. Sa nagdaang dalawang taon sa NAT para sa Ikaapat na Taon, ang NETRC ay hindi nakapagpadala ng individwal na resulta ng bawat estudyanteng kumuha ng NAT kung kaya'y gagamitin ang 2013 na mga kompetensi na magiging batayan sa pagbabalik-aral ng mga guro na nagtuturo ng Filipino.

5. Inaatasan ang mga guro sa Filipino na gagamitin ang "Kalipunan ng mga Tinatayang Kasanayan" (Filipino 4) bilang gawaing pagsasanay sa paghahanda sa NAT 4. Kahit hindi nabanggit sa DepEd Memorandum No. 1, s. 2016 ang tungkol sa NAT ng Grade 10 ay dapat patuloy pa ring paghandaan ang pagsusulit na ito.

5. Kalakip ng Memorandum na ito ang "Mga Kasanayang Tinataya ng 2013 NAT Year 4.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

Oktubre 30, 2013

# MGA KASANAYANG TINATAYA SA NATIONAL ACHIEVEMENT TEST
# IKAAPAT NA TAON

1. Natututkoy ang mga bahaging nagpapahayag ng mga talinghaga.
2. Natutukoy ang mga bahaging nagpapahayag ng mga larawang diwa
3. Natutukoy ang mga bahaging nagpapahayag ng mga pagpapatungkol.
4. Nasasabi ang bias ng mga salita ayon sa kahulugang matalinghaga.
5. Nasasabi ang bias ng mga salita ayon sa kahulugan ng kasingkahulugan at iba pa.
6. Nalilinaw ang istruktura ng banghay ng akda batay sa kasukdulan.
7. Nalilinaw ang istruktura ng banghay ng akda batay sa wakas.
8. Naiiugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa akda batay sa nangyayari sa pamayanan.
9. Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa akda batay sa nangyayari sa daigdig.
10. Natutukoy ang layunin ng may-akda gaya ng pagtuturo.
11. Natutukoy ang layunin ng akda na nagpapakita ng pagka-makapangyarihan ng tao batay sa kanyang paniniwala.
12. Nakikilala ang mga bahagi ng akda na nagpapakita ng pagkamakapangyarihan ng tao batay sa kanyang kilos.
13. Nakikilala ang mga bahagi ng akda na nagpapakita ng pagkamakapangyarihan ng tao batay sa kanyang paniniwala.
14. Nakikilatis ang tauhan batay sa pakikitungo sa ibang tauhan.
15. Nakakabuo ng sariling pagwawakas sa akda.
16. Natutukoy ang mga bahaging nagpapakita ng orihinal na pinanggalingan ng paniniwala.
17. Natutukoy ang mga ideya.
18. Nailalahad ang mga papel ng tao bilang bahagi ng isang lipunan.
19. Naiisa-isa ang mga kaisipan dito gaya ng kabuluhan ng edukasyon.
20. Naiisa-isa ang mga kaisipan dito gaya ng pamamalakad sa pamahalaan
21. Naiisa-isa ang mga kaisipan dito gaya ng pagmamahal sa bayan.
22. Naiisa-isa ang mga kaisipan dito gaya ng karapatang pantao.
23. Naiisa-isa ang mga kaisipan dito gaya ng paninindigan sa prinsipyo.

Inihanda ni:
ANITA D. SUBEBE, E.M.D.
Tagamasid Pansangay sa Filipino
1/8/2016

Republika Ng Pilipinas